File 1　Aksidente sa loob ng Industriya ng konstruksyon


Ang talata sa ipababa ay batay sa ipinahayag ng Ministry of Health, Labor and Welfare ukol sa mga nagyaring occupational hazard o aksidente sa trabaho. Kabilang dito ang lahat ng manggagawa kasama sa istatistika ang mga manggagawang dayuhan. Ang pagkakasugat at pagkamatay sanhi ng aksidente at kung saan ang manggagawa ay hindi nakapagtrabaho sa mahigit na 4 na araw ang hango sa worker casualty report. Ang pagkamatay sanhi ng aksidente ay hango sa fatal accident report.


❶事故の型別死傷災害発生状況（平成30年）

| | ⑥墜落・転落 | ⑦転倒 | ⑧激突 | ⑨飛来・落下 | ⑩崩壊・倒壊 | ⑪激突され | ⑫はさまれ・巻き込まれ | ⑬切れ・こすれ | ⑭踏抜き | ⑮おぼれ | ⑯高温・低温物との接触 | ⑰有害物との接触 | ⑱感電 | ⑲爆発 | ⑳破裂 | ㉑火災 | ㉒交通事故（道路） | ㉓交通事故（その他） | ㉔動作の反動・無理な動作 | ㉕その他 | ㉖分類不能 | ㉗合計 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ①全産業 | 21, 221 | 31, 833 | 6, 354 | 6, 410 | 2, 312 | 5, 373 | 14, 585 | 7, 878 | 258 | 46 | 3, 546 | 537 | 126 | 64 | 44 | 85 | 7, 889 | 98 | 16, 958 | 1, 445 | 267 | 127, 329 |
| ②建設業 | 5, 154 | 1, 616 | 636 | 1, 432 | 489 | 832 | 1, 731 | 1, 267 | 103 | 15 | 340 | 91 | 47 | 7 | 8 | 36 | 598 | 8 | 875 | 77 | 12 | 15, 374 |
| ③土木工事 | 889 | 445 | 181 | 406 | 163 | 335 | 615 | 278 | 10 | 8 | 91 | 18 | 3 | 2 | 4 | 3 | 178 | 2 | 231 | 24 | 3 | 3, 889 |
| ④建築工事 | 3, 313 | 865 | 345 | 756 | 237 | 355 | 771 | 814 | 77 | 2 | 162 | 49 | 17 | 3 | 2 | 22 | 259 | 4 | 459 | 34 | 8 | 8, 554 |
| ⑤その他の建設 | 952 | 306 | 110 | 270 | 89 | 142 | 345 | 175 | 16 | 5 | 87 | 24 | 27 | 2 | 2 | 11 | 161 | 2 | 185 | 19 | 1 | 2, 931 |

❷事故の型別死亡災害発生状況（平成30年）

| | ⑥墜落・転落 | ⑦転倒 | ⑧激突 | ⑨飛来・落下 | ⑩崩壊・倒壊 | ⑪激突され | ⑫はさまれ・巻き込まれ | ⑬切れ・こすれ | ⑭踏抜き | ⑮おぼれ | ⑯高温・低温物との接触 | ⑰有害物との接触 | ⑱感電 | ⑲爆発 | ⑳破裂 | ㉑火災 | ㉒交通事故（道路） | ㉓交通事故（その他） | ㉔動作の反動・無理な動作 | ㉕その他 | ㉖分類不能 | ㉗合計 |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| ①全産業 | 256 | 28 | 3 | 53 | 54 | 58 | 113 | 5 | 0 | 35 | 36 | 17 | 13 | 7 | 1 | 6 | 175 | 3 | 0 | 43 | 3 | 909 |
| ②建設業 | 136 | 6 | 1 | 24 | 23 | 18 | 30 | 3 | 0 | 13 | 11 | 1 | 5 | 1 | 0 | 2 | 31 | 0 | 0 | 3 | 1 | 309 |
| ③土木工事 | 30 | 3 | 1 | 10 | 11 | 13 | 18 | 3 | 0 | 7 | 1 | 0 | 0 | 0 | 0 | 0 | 11 | 0 | 0 | 2 | 1 | 111 |
| ④建築工事 | 84 | 1 | 0 | 11 | 8 | 2 | 9 | 0 | 0 | 1 | 8 | 0 | 2 | 0 | 0 | 0 | 12 | 0 | 0 | 1 | 0 | 139 |
| ⑤その他の建設 | 22 | 2 | 0 | 3 | 4 | 3 | 3 | 0 | 0 | 5 | 2 | 1 | 3 | 1 | 0 | 2 | 8 | 0 | 0 | 0 | 0 | 59 |


❸業種別死傷災害発生状況（平成30年）
㉘製造業
㉙鉱業
㉚建設業
㉛交通運輸事業
㉜陸上貨物運送事業
㉝港湾運送業
㉞林業
㉟農業、畜産・水産業
㊱第三次産業


❹建設業における事故の型別死傷災害発生状況（平成30年）
⑥墜落・転落
⑦転倒
⑧激突
⑨飛来・落下
⑩崩壊・倒壊
⑪激突され
⑫はさまれ・巻き込まれ
⑬切れ・こすれ
⑭踏抜き
⑮おぼれ
⑯高温・低温物との接触
⑰有害物との接触
⑱感電
⑲爆発
⑳破裂
㉑火災
㉒交通事故（道路）
㉓交通事故（その他）
㉔動作の反動・無理な動作
㉕その他
㉖分類不能

❶事故の型別死傷災害発生状況（平成 30 年）
Mga pangyayari ng mga pagkasugat at pagkamatay sanhi ng aksidente.
❷事故の型別死亡災害発生状況（平成 30 年）
Mga pangyayari ng pagkamatay sanhi ng uri ng aksidente (2018)
❸業種別死傷災害発生状況（平成 30 年）
Pangyayari ng pagkasugat at pagkamatay sanhi ng uri ng aksidente base sa industriya (2018)
❹建設業における事故の型別死傷災害発生状況（平成 30 年）
Pangyayari ng pagkasugat at pagkamatay dahil sa uri ng aksidente sa loob ng construction industry. (2018)

①全産業
Lahat ng industriya
②建設業
Industriya ng konstruksyon
③土木工事
Civil Engineering
④建築工事
Konstruksyon ng Arkitektura
⑤その他の建設
Iba pang bagay ng konstruksyon
⑥墜落・転落
Pag-kahulog
⑦転倒
Pagka-dapa o pagka-tumba
⑧激突
Pagka-sagasa
⑨飛来・落下
Pagka-hulog ng gamit
⑩崩壊・倒壊
Pagka-giba
⑪激突され
Pagka-tulak o pagka-tama
⑫はさまれ・巻き込まれ
Pagka-ipit
⑬切れ・こすれ

Pagka-hiwa o pagka-gasgas

⑭踏抜き

Pagka-apak ng turnilyo o iba pang bagay

⑮おぼれ

Pagka-lunod

⑯高温・低温物との接触

Pagka-hawak bahgay na mainit or malamig

⑰有害物との接触

Pagka-hawak sa nakalalasong materyal

⑱感電

Pagka-kuryente

⑲爆発

Pagsabog

⑳破裂

Pagka-sira

㉑火災

Pagka-sunog o pagka-paso

㉒交通事故（道路）

Aksidente sa trapiko (daan)

㉓交通事故（その他）

Aksidente sa trapiko (iba pang aksidente)

㉔動作の反動・無理な動作

Reaksyon sa paggalaw, maling reaksyon

㉕その他

Iba pang dahilan

㉖分類不能

Walang kategorya

㉗合計

Kabuuan

㉘製造業

Manufacturing industry

㉙鉱業

Pagmimina

㉚建設業

Konstruksyon

㉛交通運送事業

Transportasyon

㉜陸上貨物運送事業

Overland freight transportation industry

㉝港湾運送業

Port transportation industry

㉞林業

Forestry

㉟農業、畜産・水産業

Agrikultura, Livestock at Pangingisda

㊱第三次産業

Service Industry

File 2　Mga aksidente na kinabibilangan ng mga technical intern trainees

| Uri | Mga halimbawa | |
|---|---|---|
| Pakahulog | Halimbawa 1 | Dumulas o nadapa at nahulog dahil sa pag-ikot habang gumagawa sa scaffolding o tungtungan. |
| | Halimbawa 2 | Dumulas at nahulog habang gumagalaw sa beam hanggang tungtungan. |
| | Halimbawa 3 | Dumulas at nahulog dahil sa basang tungtungan dala ng ulan ng nakaraang araw. |
| | Halimbawa 4 | Nahulog sa tungtungan nang mapatid ang tali ng crane na nagdadala ng tubo o pipes at natamaan ng tubo ang tungtungan. |
| | Halimbawa 5 | Nahulog nang masira ang slate nang inaayos ang safety rope habang inaalis ang bubong ng bodega. |
| | Halimbawa 6 | Nadulas at nahulog dahil sa basang tiles habang nagpipinta sa bubong. |
| | Halimbawa 7 | Nahulog nang kumapit sa materyal na hindi naikabit nang maayos. |
| Pagkadapa o pagkatumba | Halimbawa 8 | Nahulog nang madapa sa isang bagay sa ground. Hindi nakita ng manggagawa ang bagay dahil sya ay may dala o bitbit. |
| Pagkagiba | Halimbawa 9 | Pagkasugat nang gumuho ang bunton ng dumi sa likod habang sinisiyasat ang lugar kung saan naghuhukay. |
| Pagkatulak o Pagkatama | Halimbawa 10 | Pagkasugat sa paa ng manggagawa dahil sa maling pamamaraan ng pagkalas ng tungtungan. |
| | Halimbawa 11 | Habang nagkakarga sa dumptruck may taong dumaan kaya hininto ng operator ang backhoe subalit nasugatan ang paa ng manggagawa nang tamaan ito |

| | | |
|---|---|---|
| | | ng tread ng backhoe. |
| | Halimbawa 12 | Nasugatan ang manggagawa dahil hindi sya napuna o napansin ng excavator driver nang pumasok sya sa blind spot. |
| Pagkaipit | Halimbawa 13 | Nasugatan ang kaliwang kamay nang maipit ang glove sa circular saw habang ginagamit ito sa pagputol ng panels. |
| Pagkahiwa o pagkagasgas | Halimbawa 14 | Maling paggamit ng nail gun habang nag-aayos ng plywood sa pundasyon. Nangyari ang pagkasugat nang aksidenteng mapindot ng trabahador o manggagawa ang nail gun sa kanyang tuhod. |
| | Halimbawa 15 | 手持ち式丸のこで切断加工作業をしていたところ、誤って手を滑らしてしまい、刃部に接触し、負傷した。<br>Nasugatan ang kanang kamay habang gumagamit ng portable circular saw. Nadulas ang kamay ng manggagawa at nasugat ng blade. |
| Pagkaapak ng turnilyo o iba pang bagay | Halimbawa 16 | Habang nakasuot ng tabi-boots, nakaapak ng nakausling pako sa floorboard na nagsanhi ng pagkasugat sa paa ng manggagawa. |
| Pagkahawak sa nakalalasong materyal | Halimbawa 17 | Pagkalason sa carbon monoxide dulot ng pagkakaipon ng nakakalasong gas sa loob ng gawaan o work area habang gumamamit ng electric tools na nakakabit sa generator na gumagana sa pamamagitan ng gasolina. |
| | Halimbawa 18 | Pangyayaring kinakailangang pagkonsulta sa doktor dahil sa pamumula sanhi ng pagkadikit ng balat sa senmento. |
| Reaksyon sa paggalaw, maling reaksyon | Halimbawa 19 | Pagkaramdam ng manggagawa ng matinding sakit sa likod dahil sa pagbubuhat ng mga gamit sa tungtugan habang naka squat. |

Occupational Hazards ng mga manggagawang dayuhan




（Hango sa: Casualty report ng manggagawa, Ministry of Health, Labour and welfare.）

○単位：人

Unit: Bilang ng tao

○休業４日以上の死傷者数

Bilang ng mga namatay at nasugatan na nangangailangan ng mahigit na 4 na araw na bakasyon

File 3

## Mga pangunahing panuntunan na dapat sundin ng mga technical intern trainees

- Sundin ang mga patakaran sa construction site na iyong papasukan.
- Sundin ang mga utos. Kung hindi malinaw huwag mag-atubiling magtanong ulit.
- Iwasan na magtrabaho ng nag-iisa. Hanggat maaari, magtrabaho na may kasamang iba.
- Iwasan ang mga lugar kung saan maaring may mahulog na bagay.
- Huwag sumandal sa mga hindi permanenteng istraktura.
- Iwasang lumugar sa ilalim ng mga bagay na binubuhat.
- Ituon ang kaisipan sa trabaho. Huwag alisin ang paningin sa ginagawa
- Tumingin sa iyong kapaligiran bago pumasok sa construction area.
- Isara o patayin ang mga electrical tools kapag hindi gingamit o kapag nililinis ang mga ito.
- Linisin at ayusin ang mga tools na hindi ginagamit.
- Huwag gumamit ng sirang tools. Humingi ng bagong kapalit.
- Huwag gumamit ng mga makina kung ikaw ay walang pahintulot o kung ikaw ay hindi lisensyado.
- Isangguni sa taong namamahala ng technical training, trainer o lifestyle instructor ang mga isyu na nakapagpapabagabag sa manggagawa.
- Ireport ang lahat ng aksidente na nangyayari sa trabaho.

○ Ang pagkasugat na nangyari sa trabaho na nangangailan ng paggamot ay nasasaklaw ng industrial accident compensation insurance.

○ Kung ikaw ay hindi makakapagtrabaho sanhi ng aksidente, ikaw ay mabibigyan ng implementing organization (samahan na nagpapatupad) ng tatlong araw na kompensasyon. Sa pang-apat na araw at pagkalipas nito, ikaw ay mababayaran sa pamamagatitan ng industrial accident compensation insurance.

File 4

【4－1】Pagkahulog

| |
|---|
| Nadulas at nahulog dahil sa basang tungtungan ng mabasa ito sanhi ng pag ulan sa nang nakaraang araw. |

・Mga problema sa mga hakbang pang-kaligtasan

| |
|---|
| ○ Hindi pagkakalagay ng crosspiece sa tungtungan.<br>○ Hindi maayos na pagsiyasat ng tungtungan pagkalipas ng masamang panahon tulad ng malakas na ulan o pagatapos palitan ang scaffholding structure. |

・Mga hakbang na ginawa ng implementing organization.

| |
|---|
| ○ Pag-obserba ng mga hakbang na pang-iwas sa pagkahulog sa tungtungan. (Pag lagay ng crosspiece, baseboards, hawakan at paggamit ng safety harnesses)<br>○ Sa pagsisiyasat ng tungtungan makalipas ang masamang panahon tulad ng malakas na ulan o pagkatapos palitan ang scaffolding structure, suriing mabuti kung may mga hagbang pang-kaligtasan sa lugar ng trabaho. |



・Mga bagay na nais namin na kailangang pag-ingatan ng mga technical intern trainees.

| |
|---|
| ○ Ang lugar ng trabaho ay nasa labas kaya maaring maiba ang sitwasyon. Basa kapag umulan at ang mga meshsheets ay maaaring liparin. Maging maingat na maingat kapag gumagawa sa mataas at delikadong lugar tulad ng malapit sa matalas na bagay.<br>○ Kapag gumagawa sa mataas na pwesto, ugaliing mag suot ng safety harness.<br>○ Iwasang pumunta sa mga lugar kung saan walang hakbang pang-kaligtasan tulad ng kapitan.<br>○ Mag ingat sa mga butas sa work floor. |

【4－2】Pagka-hulog


| |
|---|
| Nahulog nang masira ang slate habang nagpipinta ng bubong. |

• Mga problema sa mga hakbang pang-kaligtasan

| |
|---|
| ○ Pag-akyat sa bubong na may pako at salubsob na makakasugat.<br>○ Hindi paglagay ng stepboards na mahigit sa 30cm ang lapad at hindi paglagay ng safety nets. |

• Mga hakbang na ginawa ng implementing organization.

| |
|---|
| ○ Pag-iwas na umakyat sa bubong kapag hindi pa maayos ang mga pako at salubsob.<br>○ Paglalagay ng stepboards na may higit sa 30cm ang lapad at maglagay ng safety nets. |



• Mga bagay na nais namin na kailangang pag-ingatan ng mga technical intern trainees.

| |
|---|
| ○ Sa unang tingin, ang slate o glass roof ay mukhang hindi delikado subalit ito ay maaring mabasag dahil sa mabigat na bagay. Maraming manggagawa ang nahulog sa ganitong klase ng bubong. Siguruhing gumamit ng boards or treads at sundin ang mga kautusan kapag gumagawa sa ganitong klaseng bubong.<br>○ Mag ingat sa mga basang tiles dahil ito ay madulas. |

【4－3】Mga lumilipad o nahuhulog na bagay

| |
|---|
| Magkamuntikang pagkasugat nang ang slinging wire ng crane na nagbubuhat ng H-beams ay mamutol at mahulog habang ito ay nagkakarga sa trak. |

• Mga problema sa mga hakbang pang-kaligtasan

| |
|---|
| ○ Hindi ininspeksyon ang wire rope. |
| ○ Pagpunta sa ilalim ng materyal na binubuhat ng crane. |

• Mga hakbang na ginawa ng implementing organization.

| |
|---|
| ○ Tiningnan kung may anumang sira sa wire rope bago magsimula ng trabaho. Siniguro na ang tali ay maari pang gamitin. Kung malaki ang sira ito ay dapat nang palitan. |
| ○ Dapat lamang na kwalipikadong tao ang gagawa ng pagtatali. |
| ○ Dapat na alamin ang bigat ng mga materyal at ang kapasidad nito. |
| ○ Maaring mahulog o magiba ang mga materyal kaya hindi dapat na pumasok ang manggagawa sa danger zone. |



• Mga bagay na nais namin na kailangang pag-ingatan ng mga technical intern trainees.

| |
|---|
| ○ Huwag gumamit ng sirang wire ropes at huwag mamalagi sa ilalim ng mga materyal na binubuhat. |

【4－4】Pagka-ipit

| |
|---|
| Pagka-ipit ng daliri sa pagitan ng cylinder at attachment nang ito ay gumalaw habang nagpapalit ng attachment. |

・Mga problema sa mga hakbang pang-kaligtasan

| |
|---|
| ○　Hindi maayos na pagkakalagay ang mga pang-kabit. |

・Mga hakbang na ginawa ng implementing organization.

| |
|---|
| ○　Siniguro na maayos ang mga attachment kapag inilagay o inalis ito sa makina, Gumamit ng pamalit na stand at iniwasang gumawa sa flat na surface dahil hindi ito matatag. |



・Mga bagay na nais namin na kailangang pag-ingatan ng mga technical intern trainees.

| |
|---|
| ○　Sundin ang mga pamamaraan ng pagpapatakbo. |

【4－5】Pagka-sagasa

| |
|---|
| Pagka-sagasa sa paa ng manggagawa sanhi ng pagkatama ng tread ng excavator nang sya ay pumunta sa blind spot habang umatras ang operator. |

• Mga problema sa mga hakbang pang-kaligtasan

| |
|---|
| ○ Kawalan ng palatandaan at guide na nagpapahiwatig sa mga ipinagbabawal na lugar kung saan ginagamit ang excavator. |

• Mga hakbang na ginawa ng implementing organization.

| |
|---|
| ○ Nagtalaga ng lugar na "Bawal Pumasok" o "Do not enter" tulad ng paggamit ng barikada o mga lubid o tali kung saan ang excavator ay ginagamit. Maari ring maglagay ng mga guide personnel.<br>○ Pagsuri ng excavator operator ng paligid bago paandarin ang makina.<br>○ Pagiwas ng mga taong naglalakad sa excavator habang ito ay ginagamit. |



• Mga bagay na nais namin na kailangang pag-ingatan ng mga technical intern trainees.

| |
|---|
| ○ Siyasatin mabuti kung saan ang direksyon ng makina at kung gaano kalawak ang saklaw nito.<br>○ Huwag pumasok sa mga ipinagbabawal na lugar.<br>○ Sundin ang mga tagubilin ng guide personnel. |

【4－6】Heat stroke


| |
|---|
| Pagkahimatay ng manggagawa habang nagsesemento sa ilalim ng matinding sikat ng araw. Pinilit na pumasok kahit masama ang pakiramdam. |

• Mga problema sa mga hakbang pang-kaligtasan

| |
|---|
| ○ Hindi nakapag-pahinga ng maayos at hindi sapat na pag-inom ng tubig. |

• Hakbang

| |
|---|
| ○ Ugaliing mag check ng ulat ng panahon at kalagayan ng kalusugan ng mga manggagawa bago magsimula ang trabaho.<br>○ Isaayos ang oras ng trabaho. Halimbawa, mag bawas ng oras ng trabaho sa araw.<br>○ Magpahinga, pumasok sa loob ng tent at uminom ng tubig. |



• Mga bagay na nais namin na kailangang pag-ingatan ng mga technical intern trainees.

| |
|---|
| ○ Ipa alam ang anumang sakit o kapag masama ang pakiramdam. |